

ANNEX F

PAMPUBLIKONG IMPORMASYON UKOL SA IMPORTASYON HINGGIL SA DIREKTANG PAGGAMIT BILANG PAGKAIN, PAGKAIN SA HAYOP, O PARA SA PAGPROSESO

Combined trait soybean product MON 87708 × MON 89788

- 1. Pangalan ng Aplikante:**
Monsanto Philippines, Inc.
- 2. Address ng Aplikante**
Monsanto Philippines, Inc.
23rd Fl., Tower II, Insular Life Corporate Centre,
Insular Life Drive, Filinvest Corporate City,
Alabang 1781, Muntinlupa, Metro Manila, Philippines
- 3. Telepono/ Facsimile Number, E-Mail Address of the Applicant**
Tel. No.: (63-2) 8094848 / Fax No.: (63-2) 8077581
Email address: rachel.pascua.lomibao@monsanto.com, gabriel.ortega.romero@monsanto.com
- 4. Pangalan ng kaukulang Opisyal/ Autorisadong Kinatawan**
Kaukulang Opisyal:
Ms. Rachel P. Lomibao (Commercial Lead)
Dr. Metinee Srivatanakul (Regulatory Affairs Lead)
- 5. Deskripsyon ng Regulated Article ukol sa Importasyon para sa Direktang Paggamit**
Ang soybean MON 87708 × MON 89788 ay na binuo sa pamamagitan ng conventional na plant breeding techniques na kung saan ang bawat isang ‘event trait’ o katangian ng produkto ay aprubado sa Pilipinas. Ang soybean MON 87708 × MON 89788 ay naglalaman ng *dmo* gene mula sa *S. maltophilia strain* DI-6 na nagtataglay ng katangiang labanan ang pamatay-damong dicamba, at ng *cp4 epsps* gene mula sa *Agrobacterium* sp CP4 strain na nagtataglay naman ng katangiang labanan ang pamatay-damong glyphosate, ang aktibong sangkap sa pamiya ng Roundup agricultural herbicides. Ang MON 87708 and MON 89788 ay nabuo sa pamamagitan ng Agrobacterium-mediated transformation system.
- 6. Kung aangat, bansa/ mga bansang pinanggalingan ng Regulated Article:**
Ang MON 87708 at MON 89788 ay orihinal na nagawa at na-deregulate sa bansang U.S.*
(Sa US, ang breeding stack ng na-deregulate na single events ay hindi dumadaan sa regulasyon.)
- 7. Maikling Buod ng Potensyal na Epekto sa kalusugan ng To at Hayop, at ng kapaligiran:**
Ang pinagsamang event trait ng MON 87708 × MON 89788 ay nabuo sa pamamagitan ng conventional breeding ng mga inbred lines ng MON 87708 at MON 89788. Ang protinang DMO mula sa MON 87708 ay nagtataglay ng tibay laban sa pamatay-damong dicamba. Ang protinang CP4 EPSPS mula sa MON 89788 ay mayroon naming likas na tibay laban sa pamatay-damong glyphosate, ang aktibong sangkap sa pamilya ng Roundup agricultural herbicides. Ang kaligtasan ng dalawang single event na nabanggit maging ng mga protinang nagmula sa bawat isa sa kanila ay masusing pinag-aralan gamit ang mga pamantayang kinabibilangan ng molecular

characterization, nutritional at compositional analyses, pag-aaral sa toxicity at environmental assessment. Base sa mga nakalap na datos at impormasyon, napatunayan na ang mga pagkain at pagkain sa hayop mula sa MON 87708 at MON 89788 ay kasingligtas at kasingsustansya ng kumbensiyunal na soybean. Ang MON 87708 at MON 89788 ay inaasahan din na hindi magpaparami ng pesteng damo o maghahatid ng di-kanais nais na epekto sa kapaligran kumapara sa kumbensiyunal na soy bean.

Ang expression ng MON 87708 at MON 89788 sa pinaghalong produkto nitong MON87708 x MON89788 ay hindi inaasahang magdudulot ng interactive o synergistic effect sa metabolism ng halaman. Itinuturing din na ang parehong protinang DMO at CP4 EPSPS ay walang masamang epekto sa normal na metabolismo ng halaman noong isagawa ang safety assessment sa bawat event kung kaya pinagtibay ang pagabruba sa mga ito. Ang paraan at lokasyon ng biological activity sa halaman ng DMO at EPSPS ay magkaiba. Pinatunayan na walang indikasyon o mekanismo na nagpapakita ng interaksyon ng dawalang protina na maaaring maghatid ng panganib sa kalusugan ng hayop o tao. Inaasahan rin na walang pagbabago mangyayari sa dami ng soybean maaring makonsumo ng tao o hayop.

Sa pag-aaral ng lahat ng nabanggit, ang combined trait soybean na MON 87708 x MON 89788 ay masasabing kasingligtas ng kumbensiyunal na soybean; at kumpara sa kumbensiyunal na soybean, ito rin ay hindi kinakikitaan na magdudulot ng mas malaking panganib sa biodiversity at sa kalusugan ng tao o hayop

8. Maikling buod ng potensyal na Benepisyo:

Maliban sa nabuong kaligtasang pangkalusugan at pangkapaligran ng combined soybean trait na MON 87708 × MON 89788, ang pagtatanim ng MON 87708 × MON 89788 sa Roundup Ready soybean system ay 1) magbibigay ng oportunidad sa mga magsasaka na magkaroon ng mas mabisa at epektibong paraan ng pagkontrol ng mga mahirap puksain na mga damong broadleaf; 2) maghahatid ng mas madaling paraan upang maisama ang pangalawang mode-of-action sa kasalukuyang pamamaraan ng weed resistance management; at 3) patuloy na maghahatid sa mga magsasaka ng soybean na magkaroon ng mas epektibong sistema sa pagpatay ng mga damo na kinakailangan upang makamit ang nararapat na dami ng ani na tutugon sa dumadaming pangangailangan sa pagkain, pagkain sa hayop at maging ng merkadong pang-industriya.

9. Mga Bansa kung saan ibinigay ang pahintulot:

Canada (Feed and Environment, 2013); Colombia (Food, 2015; Feed, 2014); Japan (Food, 2014; Feed, 2013; Environment, 2014); Korea (Food, 2013; Feed, 2014); Mexico (Food & Feed, 2013); Taiwan (Food, 2014)

Ang publiko ay iniimbitahan na isumite ang kanilang mga komento sa BPI Director (Sa loob ng 60 araw mula sa petsa ng publikasyon) Sa panukalapara sa Importasyon ng Maize MON 88017 × MON 810 para sa direktang paggamit bilang pagkain o pakain, o para sa pagpoproseso.

Director
Bureau of Plant Industry
San Andres, Malate, Manila
Telephone Number 521-1080
Fax Number 521-1080
E-Mail bpibiotechsecretariat@yahoo.com

Approved for Publication: _____

Director
Bureau of Plant Industry
Date: